

## **Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 4**

### **Maging Tapat na Lingkod ng Dios**

Sa mensaheng ito ay pag-aaralan natin ang buhay ng isang matuwid na tao na naglingkod nang tapat at epektibong tumugon sa tawag ng Dios. Ang lingkod ng Dios na ito ay lingkod ni Abraham. **“1 At si Abraham ay matanda na, at lipas na sa panahon: at pinagpala ng PANGINOON si Abraham sa lahat ng mga bagay. 2 At sinabi ni Abraham sa kaniyang alilang katiwala, sa pinakamatanda sa kaniyang bahay na namamahala ng lahat niyang tinatangkilik: Ipinamamanhik ko sa iyo na ilagay mo ang iyong kamay sa ilalim ng aking hita.”** (Genesis 24:1-2 KJV) Dito natin masusubaybayan ang mga sumusunod na kinakailangan na natupad ng lingkod na ito upang maisakatuparan ang kanyang tungkulin:

**1. Pagsunod sa mga tagubilin:** Ipinagkatiwala ni Abraham sa kanyang lingkod ang isang malaking gawain at ginawa niya ang gawain nang buong puso at walang pag-aalinlangan. Sa kanyang katandaan, hinarap ni Abraham ang gawain ng paghahanap ng asawa para sa kanyang anak na si Isaac. Hindi makakalakad si Abraham at hindi rin pinapayagang pumunta si Isaac sa misyon na iyon, kaya't tinawag ng Dios ang lalaking iyon upang isagawa ang partikular na gawain. Hindi posible na kumuha para kay Isaac ng sinumang babae mula sa mga Cananeo sa paligid nila, kaya't sinabi ni Abraham sa kanyang lingkod: **“3 At ikaw ay aking pasusumpain, alangalang sa PANGINOON sa Dios ng langit at Dios ng lupa, na hindi mo papag-aasawahin ang aking anak sa mga anak ng mga Cananeo na siyang aking pinakikitahanan.”** (Genesis 24:3 KJV) Iyon ang utos na ipinangako nang lingkod na ito ang kanyang sarili na gawin para sa Dios at para sa kanyang gurong si Abraham na inutusan siya ng Salita ng Dios. **Upang maglingkod sa Dios kailangan mong sumunod sa utos na tinanggap mo. Ikaw ay isang mahalagang tao para sa Dios na gawa sa Kanya ang tiyak na gawain at kapag itinakda mo na ang iyong saili na gawin ang isang tiyak na gawa kung gayon kailangan mo nang sundin ang ibinigay na utos.**

**2. Tiyakin ang anumang pagdududa sa taong nagbigay sa iyo ng tagubilin upang maunawaan ang espirituwal na alintuntunin sa likod ng tagubilin:** Inilagay ng Panginoon sa puso ni Abraham na kung may isang babae mula sa kanyang dating pamilya na handang lumabas mula sa kinaugalian at relihiyon na iyon at sumama sa kanila sa kanilang bagong buhay para sa Dios, siya ang magiging angkop na babae para kay Isaac. Kaya't iniutos niya sa kanyang lingkod ang sumusunod: **“4 Kundi ikaw ay paroroon sa aking lupain, at sa aking kamaganakan, at papag-aasawahin mo roon ang aking anak na si Isaac.”** (Genesis 24:4 KJV) Pagkatapos nagtanong ang lingkod sa kanya **“5 At sinabi sa kaniya ng lingkod, Sakaling hindi iibigin ng babae na sumama sa akin sa lupaing ito: dapat ko bang ibalik ang anak mo sa lupaing pinanggalingan mo”** (Genesis 24:5 KJV) Batid ng lingkod na magiging mahirap para sa isang babae na iwanan ang kanyang pamilya at manirahan nang malayo sa kanila. Kaya naman tinitiyak niya kay Abraham ang tungkol sa lahat ng mga posibilidad at iyon ang dahilan kung bakit pinagtibay ni Abraham sa kanya ang sumusunod: **“6 At sinabi sa kaniya ni Abraham, Ingatan mong huwag ibalik doon ang aking anak.”** (Genesis 24:6 KJV) Ang punto ni Abraham ay na ang kanyang anak na si Isaac ay hindi dapat bumalik sa lumang relihiyon at kinaugalian dahil nang tinawag ng Dios si Abraham, sinabi Niya sa kanya, **“1 Sinabi nga ng PANGINOON kay Abram, Umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong mga kamaganak, at sa bahay ng iyong ama, na ikaw ay pasa lupaing ituturo ko sa iyo:”** (Genesis 12:1 KJV) Kaya ngayon si Abraham ay kumikilos upang tiyakin na ang kanyang anak na si Isaac ay hindi makakabalik sa kung nasaan siya rati nang tinawag siya ng Dios. Ang tapat na lingkod na ito ay hindi tinanggap ang utos nang walang pang unawa kundi nang may malalim na kaunawaan. Ang utos na ibinigay ni Abraham sa kanyang lingkod ay mahirap ngunit ang tuntuning nasa likod nito ay marangal at makadios, *‘Huwag dalhin pabalik si Isaac sa lugar na inilabas ng Dios si Abraham.’* **Maraming tao kapag tinawag sila ng Dios o kapag nakatanggap ng utos ay hindi sinusuri ang tuntuning nasa likod ng utos. Kapag hindi naintindihan ang tuntuning ito, ang mga tao sa halip na maglingkod nang may kagalakan at pananampalataya, sila’y magpapatuloy nang may mabigat na puso, pagkabigo, at pagrereklamo.** Ang lingkod na iyon ay hindi lumiko sa kanan o sa kaliwa kundi direktang tiniyak ito kay Abraham. **Kapag nakatanggap ka ng utos at hindi ka kumbinsido o masaya dito, agad mo itong suriin sa taong nagbigay nito at alamin ang pinakapundasyon ng espirituwal na tuntunin sa likod nito upang iyong maunawaan, sundin, at maisakatuparan.**

**3. Tanggapin ang tawag ng Dios at sundin Siya nang may pananampalataya:** Bilang karagdagan sa mga nabanggit na tagubilin, ipinasa ni Abraham ang mensahe ng pananampalataya sa kanyang lingkod nang sabihin niya sa kanya, **“7 Ang PANGINOON, ang Dios ng langit, na kumuha sa akin sa bahay ng aking ama, at sa lupaing aking tinubuan, at sa akin ay nagsalita, at sa akin ay sumumpa, na nagsasabi, Sa iyong binhi, ibibigay ko ang lupaing ito: ay magsusugo siya ng kaniyang anghel sa unahan mo, at papag-aasawahin mo roon ang aking anak.”** (Genesis 24:7 KJV) Nilinaw niya rin sa kanya na walang daan para sa pakikipagkompromiso at dalhin ang kanyang anak pabalik doon, **“8 At kung ang babae ay ayaw sumama sa iyo, ay maliligtas ka rito sa aking sumpa; huwag mo lamang pabalikin ang aking anak doon.”** (Genesis 24:8 KJV) **Kapag tinanggap mo ang tawag ng Dios, maglingkod ka sa Kanya nang may pananampalataya, sapagkat Siya ay naririyang upang alalayan ka at huwag makipagkompromiso kaninunam.**

**4. Huwag matakot na ipangako ang iyong sarili:** Sumunod ang lingkod sa tawag ng Dios at ipinangako ang kanyang sarili na gawin ang utos: **“9 At inilagay ng alilang katiwala ang kaniyang kamay sa ilalim ng hita ni Abraham na kaniyang panginoon, at sumumpa sa kaniya tungkol sa bagay na ito.”** (Genesis 24:9 KJV) **Ipagako ang iyong sarili na makipagtulungan sa Dios na magdala ng buhay ng makaDios na pag-aasawa.**

**5. Maging masipag sa iyong paglilingkod:** **“10 At kumuha ang alilang katiwala ng sangpung kamelyo sa mga kamelyo ng kaniyang panginoon, at yumaon; na dala ang pinakamabuti sa lahat ng pag-aari ng kaniyang panginoon: at tumindig at napasa Mesopotamia, sa bayan ni Nachor. 11 At kaniyang pinaluhod ang mga kamelyo sa labas ng bayan, sa tabi ng balon ng tubig, ng dakong palubog na ang araw, na kapanahunan nang paglabas ng mga babae upang umigib ng tubig.”** (Genesis 24:10-11 KJV) Kumilos siya nang may pananampalataya sa Dios, At sa kanyang puso, nais niyang maisakatuparan ang gawain nang tapat at mabilis para sa Dios at sa kanyang

panginoong si Abraham. **Huwag mag-atubiling o magtagal kapag tinatawag ka ng Dios. Ngunit maging mabilis sa pagtupad ng misyon ng Dios sa lupa.**

**6. Maging mapanalangin sa pagpapatupad ng mga tagubilin na ibinigay sa iyo:** Kaya nang siya ay dumating doon, “12 *At sinabi, Oh PANGINOON, Dios ng aking panginoong si Abraham, ipinamamanhik ko sa iyong pagkalooban mo ako ng mabuting kapalaran ngayon, at ikaw ay magmagandang loob sa aking panginoong kay Abraham.* 13 *Narito, ako'y nakatayo sa tabi ng bukal ng tubig: at ang mga anak na babae ng mga tao sa bayan, ay nagsilabas upang umigib ng tubig:* 14 *At mangyari nga na ang dalagang aking pagsabihan, Ibaba mo, isinasamo ko sa iyo, ang iyong banga upang ako'y uminom; at siya'y magsabi, Uminom ka, at paänumin ko pati ng iyong mga kamelyo: maging siyang iyong itinalaga sa iyong lingkod na kay Isaac: at sa ganito ay malalaman kong nagmagandang loob ka sa aking panginoon.* 15 *At nangyari, na bago natapos ang pananalita niya, ay narito si Rebeca na ipinanganak kay Bethuel, na anak ni Milca, na asawa ni Nachor na kapatid ni Abraham na lumalabas na pasan ang kaniyang banga sa kaniyang balikat.” (Genesis 24:12-15 KJV) Kaya bago pa man niya natapos ang kanyang panalangin, sinagot na ng Dios ang kanyang panalangin dahil ang kanyang puso ay malinis at handang maglingkod sa Dios nang buong puso, at sumunod sa kanyang guro na si Abraham. Alam niya na hindi kalooban ng Dios na ibalik si Isaac sa lumang tradisyon, kaya't ang mensahe ng Dios ay maipapahayag nang tapat sa susunod na salinlahi. **Sa larangan ng misyon, sasagutin ng Dios ang iyong panalangin hangga't ikaw ay may pananampalataya sa Kanya, namumuhay ng ganap at sumusunod sa tuntunin ng pagtawag ng Dios. Malaki ang nagagawa ng maningas na panalangin ng taong matuwid. Ang lingkod na ito ay hindi masyadong nanalangin ngunit masunurin siya, at iyon ang dahilan kung bakit sinagot ang kanyang panalangin. Kaya't maging masunurin, at matututo kang manalangin, pati na rin makikita mo ang iyong sarili sa larangan at sa ani ng mga sinagot na panalangin.***

**7. Kumilos bilang bantay at may kaalaman upang matiyak ang pagpili ng Dios at kung paano Niya sinasagot ang iyong panalangin:** “16 *At ang babae ay may magandang anyo, dalaga, na hindi pa nasisipangan ng lalake: at lumusong sa bukal, at pinuno ang kaniyang banga, at umahon.* 17 *At tumakbong sinalubong siya ng alilang katiwala na sinabi, Makikünom ako ng kaunting tubig sa iyong banga.* 18 *At sinabi niya, Uminom ka, panginoon ko: at nagmadaling ibinaba ang banga sa kaniyang kamay, at pinainom siya.* 19 *At pagkatapos na kaniyang mapainom, ay sinabi, Iyigib ko naman ang iyong mga kamelyo, hanggang sa makainom na lahat.* 20 *At ibinuhos na dalidali ang kaniyang banga sa inuman, at tumakbong muli sa balon upang umigib at iniigib ang lahat niyang kamelyo.* 21 *At siya'y tinitigan ng lalake; na hindi umümik, upang maalaman kung pinagpala ng PANGINOON ang kaniyang paglalakbay o hindi.” (Genesis 24:16-21 KJV) Tunay na sinagot ng Dios ang panalangin ng lingkod na iyon at pinagtibay sa kanya habang pinapanood niyang mabuti kung paanong kumilos ang Dios upang tulungan siya na maisakatuparan ang misyong ipinagkatiwala sa kanya. **Kapag ang iyong puso ay ganap na nakalaan na paglilingkuran ang Dios at gawin ang Kanyang kalooban, tutulungan ka ng Panginoon at patatagin ka Niya sa Kanyang biyaya upang magampanan ang Kanyang kalooban.** Pinagtibay ng Dios sa lingkod ang mga tagubiling natanggap niya mula sa kanyang Gurong si Abraham at naging maayos ang mga pangyayari pagkatapos noon. “22 *At nangyari, nang makainom ang mga kamelyo, na kumuha ang lalake ng isang singsing na ginto, na may kalahating siklo sa timbang, at dalawang pulsera upang ilagay sa kaniyang mga kamay, na may timbang na sangpung siklong ginto;* 23 *At sinabi, Kaninong anak ka? sabihin mo sa akin, ipinamamanhik ko sa iyo. May lugar ba sa bahay ng iyong ama na aming matutuluyan?* 24 *At sinabi niya sa kaniya, Anak ako ni Bethuel, na anak ni Milca, na ipinanganak niya kay Nahor.* 25 *Sinabi rin niya sa kaniya, Mayroon din naman kaming saganang dayami at pagkain sa hayop, at dakong matutuluyan.” (Genesis 24:22-25 KJV)**

**8. Papuri at salamat sa Dios para sa ipinagkaloob Niya sa iyo sa iyong misyon:** “26 *At lumuhod ang lalake at sumamba sa PANGINOON.* 27 *At siya'y nagsabi, Purihin ang PANGINOON, ang Dios ng aking panginoong si Abraham, na hindi inilayo ang kaniyang habag at ang kaniyang pagtatapat, sa aking panginoon: tungkol sa akin, ay pinatnugutan ako ng PANGINOON sa daan hanggang sa bahay ng mga kapatid ng aking panginoon.” (Genesis 24:26-27 KJV) Ang lingkod ni Abraham ay nagpuri at nagpasalamat sa Panginoon para sa tagumpay na kanyang nakamit. **Habang ginagawa natin ang gawaing misyon at paglilingkod sa Kanya, makakamit ng Panginoon ang ilang bagay, at kailangan nating maging maingat at huwag kalimutang pasalamatang Siya. Sa ganitong paraan, kinikilala natin ang Kanyang katapatan sa atin sa mga gawaing ating ginagawa. Kaya, magalak ka habang pinapanood mo na ang lahat ay inayos para sa iyo, tulad ng nangyari sa tapat na lingkod na iyon.***

**9. Lagi mong tandaan na ang mga hakbang ng matuwid ay itinakda ng Panginoon:** “28 *At tumakbo ang dalaga at isinaysay sa sangbahayan ng kaniyang ina ang ayon sa mga salitang ito.* 29 *At mayroon si Rebeca na isang kapatid na nanggagalang Laban: at tinakbo ni Laban ang lalake sa labas, sa bukal.* 30 *At nangyari, pagkakita ng singsing, at ng mga pulsera sa mga kamay ng kaniyang kapatid, at pagkarinig ng mga salita ni Rebeca na kaniyang kapatid, na sinasabi, Gayon sinalita sa akin ng lalake; na naparoon siya sa lalake; at narito, ito'y nakatayo sa siping ng mga kamelyo, sa bukal.* 31 *At sinabi niya, Pumasok ka, pinagpala ng PANGINOON; bakit ka nakatayo sa labas? sapagka't inihanda ko ang bahay, at ang dako ng mga kamelyo.* 32 *At pumasok ang lalake sa bahay, at kinalagan ang mga kamelyo; at binigyan ni Laban ng dayami at pagkain ang mga kamelyo, at ng tubig upang ipaghugas ng kaniyang mga paa, at ng mga paa ng mga taong kasama niya.” (Genesis 24:28-32 KJV) Tunay na ang mga lakad ng matuwid na tao at itinalaga ng Panginoon gaya ng sinasabi ng Salita ng Dios, “**Ang lakad ng tao ay itinatag ng PANGINOON; at siya'y nasasayahan sa kaniyang lakad.**” (Awit 37:23 KJV) **Magkakaroon ng maayos na daloy ang lahat at mapaparangalan ang Dios sa iyong paglilingkod at ministeryo habang nasisiyahan kang paglilingkuran Siya ng buong puso. Kaya, mamuhay nang matuwid at ituturo ng Dios ang iyong mga hakbang patungo sa kabutihan para sa iyo.***

**10. Unahin ang misyon ng Dios at huwag hayaang maantala ka ng pagkain:** “33 *At siya'y hinainan nila ng pagkain: datapuwa't kaniyang sinabi, Hindi ako kakain hanggang hindi ko nasasabi ang aking sadya. At sinabi ni Laban, Magsalita ka.” (Genesis 24:33 KJV) Ang lingkod ay napaka tapat sa kanyang panginoon at sa Dios, na maging pagkatapos ng mahabang paglalakbay hindi siya kumain sa kanilang bahay malinabang sabihin niya sa kanila kung bakit siya dumating at malibang sila'y sumang ayon sa kanya at ipadla ang*

babae kasama niya. Kaya sinabi niya sa kanila ang buong salaysay: “34 At kaniyang sinabi, Alilang katiwala ako ni Abraham. 35 At pinagpalang mainam ng PANGINOON ang aking panginoon; at siya'y naging dakila: at siya'y binigyan ng kawan at bakahan, at ng pilak at ng ginto, at ng mga aliping lalake, at babae, at ng mga kamelyo, at ng mga asno. 36 At si Sara na asawa ng aking panginoon, ay nagkaanak ng lalake sa aking panginoon, nang siya'y matanda na: at siyang pinagbigyan ni Abraham ng kaniyang lahat na inaari. 37 At pinapanumpa ako ng aking panginoon, na sinasabi, Huwag mong papag-aasawahin ang aking anak sa mga anak na babae ng mga Cananeo na siyang lupaing aking tinatahanan: 38 Kundi paroroon ka sa bahay ng aking ama at sa aking kamaganakan, at papag aasawahin mo roon ang aking anak. 39 At sinabi ko sa aking panginoon, Sakaling hindi übigin ng babaing sumama sa akin. 40 At kaniyang sinabi sa akin, Ang PANGINOON na sa harap niya'y lumalakad ako, ay susuguin niyang kasama mo ang kaniyang anghel, at kaniyang pagpapalain ang iyong lakad, at papag-aasawahin mo ang aking anak sa aking kamaganakan, at sa angkan ng aking ama: 41 Kung magkagayo'y makakakawala ka sa aking sumpa, pagka ikaw ay dumating sa aking kamaganakan; at kung hindi nila ibigay sa iyo, ay makakakawala ka sa aking sumpa. 42 At dumating ako ng araw na ito, sa bukal, at aking sinabi, Oh PANGINOON, na Dios ng aking panginoong si Abraham, kung ngayo'y pinagpapala mo ang aking lakad na nilalakad ko: 43 Narito, nakatayo ako sa tabi ng bukal ng tubig; at mangyari, na ang dalagang lumabas na umigib na aking pagsasabihan, Makikiinom ako sa iyo ng kaunting tubig sa iyong banga; 44 At siya'y magsasabi sa akin, Uminom ka, at iyigib ko pati ng iyong mga kamelyo: ay siyang maging babaing itinalaga ng PANGINOON sa anak ng aking panginoon. 45 At bago ko nasalita sa sarili, narito si Rebeca, na lumalabas na pasan ang kaniyang banga sa kaniyang balikat; at lumusong sa bukal at umigib: at aking sinabi sa kaniya, Makikiinom ako sa iyo. 46 At dalidali niyang ibinaba ang kaniyang banga sa kaniyang balikat, at nagsabi, Uminom ka, at paiinum ko pati ng iyong mga kamelyo: sa gayo'y uminom ako, at pinainom niya pati ng mga kamelyo, 47 At siya'y aking tinanong, at aking sinabi, Kaninong anak ka? at kaniyang sinabi, Anak ako ni Bethuel, na anak ni Nachor, na ipinanganak sa kaniya ni Milca: at inilagay ko ang hikaw sa kaniyang iling, at ang mga pulsera sa kaniyang mga kamay. 48 At aking iniyukod ang aking ulo, at sumamba ako sa PANGINOON at pumuri sa PANGINOON, na Dios ng aking panginoong si Abraham, na pumatnubay sa akin sa daang matuwid upang kunin ang anak ng kapatid ng aking panginoon, para sa kaniyang anak. 49 At ngayon, kung inyong mamagandahing loob at mamatapatin sa aking panginoon ay sabihin ninyo sa akin: at kung hindi, ay sabihin din ninyo sa akin; upang pumihit ako sa kanan o sa kaliwa.” (Genesis 24:34-49 KJV) Sinabi niya ang lahat ng bagay at naghintay sa kanilang pasya. Walang daan para kay Isaac na bumalik, ngunit kay Rebeca na lumabas at sumunod sa daan ng Dios na sinusunod ni Abraham at Isaac; kung sila'y sasang ayon kakain siya, ngunit kung hindi siya'y babalik. Palaging maging maingat tungkol sa pagkain. Gagamitin ng diablo ang pagkain upang tuksuhin ka gaya ng pagtukso niya sa babae sa Genesis 3 “1 Ang ahas nga ay lalong tuso kay sa alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng PANGINOON Dios. At sinabi niya sa babae, Tunay bang sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan? 2 At sinabi ng babae sa ahas, Sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan ay makakakin kami: 3 Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay. 4 At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamatay: 5 Sapagka't talastas ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang Dios, na nakakakilala ng mabuti at masama. 6 At nang makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain. 7 At nadilat kapuwa ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga hubad; at sila'y tumahi ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi.” (Genesis 3:1-7 KJV) At kung paano niya tinukso si Jesus gaya ng mababasa natin sa Mateo 4. “1 Nang magkagayo'y inihatid ng Espiritu Santo si Jesus sa ilang upang siya'y tuksuhin ng diablo. 2 At nang siya'y makapagayunong apat na pung araw at apat na pung gabi, sa wakas ay nagutom siya. 3 At ang manunukso ay dumating at nagsabi sa kaniya, Kung ikaw ang Anak ng Dios, ay ipagutos mo na ang mga batong ito ay maging mga tinapay. 4 Datapuwa't siya'y sumagot, at sinabi, Nasusulat, Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawa't salitang lumalabas sa bibig ng Dios.” (Mateo 4:1-4 KJV) Kaya't sumunod sa Salita ng Dios, magkaroon ng pagpipigil sa sarili, at iwasan ang pagkain na ibibigay ng diablo sa iyo kapag tinukso ka niya na sirain ang Salita ng Dios.

11. Huwag matakot sa mga tao: Ang pamilya ni Rebeca ay tumugon sa kalooban ng Dios, “50 Nang magkagayo'y sumagot si Laban at si Bethuel, at sinabi, Sa PANGINOON nagmumula ito: kami ay hindi makapagsasabi sa iyo ng masama o ng mabuti. 51 Narito, si Rebeca ay nasa harap mo, dalhin mo, at yumaon ka, at siya'y maging asawa ng anak ng iyong panginoon, na gaya ng sinalita ng PANGINOON.” (Genesis 24:50-51 KJV) Kapag sumunod ka sa Dios, siya ang magpapayuko sa mga tao sa harap mo at hindi mo kailangan matakot o makipagkompromiso.

12. Laging ipagkaloob ang papuri sa Dios: “52 At nangyari, na pagkarinig ng alilang katiwala ni Abraham ng kaniyang mga salita, ay nagpatirapa sa lupa sa harap ng PANGINOON. 53 At naglabas ang alilang katiwala ng mga hiyas na pilak at mga hiyas na ginto, at mga damit, at mga ibinigay kay Rebeca: nagbigay rin siya ng mga mahalagang bagay sa kaniyang kapatid na lalake at sa kaniyang ina. 54 At nangagsikain at nangagsuinom siya at ang mga taong kasama niya, at doon nagparaan ng magdamag, at sila'y nagsibangon ng umaga at kaniyang sinabi, Suguin ninyo ako sa aking panginoon.” (Genesis 24:52-54 KJV) Huwag kang magmayabang tungkol sa iyong sarili, at huwag kalimutang purihin ang Dios at ibigay sa Kanya ang lahat ng kaluwalhatian habang tinutugon Niya ang iyong panalangin.

13. Maging matatag at huwag makipagkompromiso sa mga tao: “55 At sinabi ng kaniyang kapatid na lalake, at ng kaniyang ina, Matira ang dalaga sa aming ilang araw, sangpung araw man lamang; pagkatapos ay paroroon siya. 56 At sinabi niya sa kanila, Huwag ninyo akong pigilin, yamang pinagpala ng PANGINOON ang aking lakad; papagpaalamin na ninyo ako, upang ako'y umuwi sa aking panginoon. 57 At kanilang sinabi, Tatawagin namin ang dalaga at uuisain namin sa kaniyang bibig. 58 At kanila ngang tinawag si Rebeca, at kanilang sinabi sa kaniya, Sasama ka ba sa lalaking ito? At sinabi niya, Sasama ako.” (Genesis 24:54-58 KJV) Ang pamilya ni Rebeca pagkatapos nilang sumang-ayon na gusto nilang ipagpaliban sa lingkod ng sampung araw pa, at malamang, kung ano ang gagawin nila sa loob ng sampung araw na iyon, ang mga tradisyonal at ritwal na bagay na karaniwan nilang ginagawa, at

maaaring hihingi sila sa kanya ng pera, o maaari pa nilang baguhin ang kanilang isip. Ngunit ang lingkod ay matatag sa kanila at malinaw ang kanyang isipan; hinamon niya sila na siya ay babalik at hindi magpapaantala, at pinilit niya silang tanungin ang babae kung siya ay handang sumama sa kanya saka niya siya dadalhin. Tunay na nailagay sila sa kanilang tamang lugar at sumunod sa kalooban ng Dios. **“59 At kanilang pinapagpaalam si Rebeca na kanilang kapatid, at ang kaniyang yaya, at ang alilang katiwala ni Abraham, at ang kaniyang mga tao. 60 At kanilang binasbasan si Rebeca, at sinabi nila sa kaniya, Kapatid namin, maging ina ka nawa ng libo-libo, at kamtin ng iyong binhi ang pintuang-bayan niyaong mga napopoot sa kanila. 61 At tumindig si Rebeca, at ang kaniyang mga abay, at nangagsisakay sa mga kamelyo, at nangagsisunod sa lalake; at dinala ng alilang katiwala si Rebeca at yumaon.”** (Genesis 24: 61 KJV) Napaka-tapat ng alipin sa misyon ng Dios. Hindi siya taong makamundo. Maaaring may ibang tao na mananatili at magpakasaya sa pagkain at pagdiriwang o maglibot sa paligid at tingnan ang kalikasan. **Ang pagiging makamundo ay hindi makakatulong sa ating paglakad kasama ng Dios kundi pinapahirap lamang ang ating buhay at ang gawain ng ating misyon.**

**14. Iulat ang lahat nang tapat: “62 At si Isaac ay nanggaling sa daang Beer-lahai-roi; sapagka't siya'y natira sa lupaing Timugan. 63 At lumabas si Isaac sa parang upang magmunimuni ng dakong hapon: at kaniyang itiningin ang kaniyang mga mata, at kaniyang nakita, at, narito, may dumarating na mga kamelyo. 64 Itiningin naman ni Rebeca ang kaniyang mga mata at nang makita niya si Isaac, ay bumaba sa kamelyo. 65 At sinabi ni Rebeca sa alilang katiwala, Sino yaong taong naglalakad sa parang na sumasalubong sa atin? At sinabi ng alilang katiwala, Yaon ang aking panginoon: at kinuha niya ang kaniyang lambong, at siya'y nagtakip. 66 At isinaysay ng alilang katiwala kay Isaac ang lahat ng kaniyang ginawa.”** (Genesis 24:62-66 KJV) Iniulat ng tapat na lingkod ang buong salaysay kung paano siya pinangunahan ng Dios at kung paano sinagot ng Dios ang kanyang panalangin at kung paano siya pinagkalooban ng karunungan upang magsalita at kung paano sa huli'y lumabas si Rebekah mula sa kinaugalian at pananampalatayang iyon.

**15. Magalak na ang iba ay pinagpala sa pamamagitan ng iyong ministeryo: “67 At dinala siya ni Isaac sa tolda ni Sara na kaniyang ina, at ipinagsama si Rebeca, at naging kaniyang asawa: at kaniya namang sininta: at naaliw si Isaac, pagkamatay ng kaniyang ina.”** (Genesis 34:67 KJV) **Pagpapalain ka ng Dios para sa iyong paglilingkod sa Kanya habang naglilingkod ka sa Kanyang matatapat na bayan at ipinapamahagi ang katotohanan sa susunod na salinlahi.**

**Sa aking Mahal at Minamahal:** Pakinggan ang mensahe, sundin ang mga alintuntunin at maging tapat sa Dios at sa mga tagubilin na tinanggap mo. Ating pagnilayang muli ang mga tagubilin.

1. Sumunod sa mga tagubilin.
2. Tiyakin ang anumang alinlangan sa taong nagbigay sa iyo ng tagubilin upang maunawaan ang espiritwal na tuntunin sa likod ng tagubilin.
3. Tanggapin ang tawag ng Dios at sundin Siya nang may pananampalataya.
4. Huwag matakot na ialay ang iyong sarili sa gawain ng Dios.
5. Maging masipag sa iyong paglilingkod.
6. Maging mapanalangin sa pagpapatupad ng ibinigay sa iyo na tagubilin.
7. Kumilos bilang isang bantay nang may pag-iingat upang matiyak ang pagpili ng Dios at kung paano Niya sinasagot ang iyong panalangin.
8. Purihin at pasalamatang ang Dios sa mga bagay na ipinagkaloob Niya sa iyo sa iyong misyon.
9. Laging tandaan na ang mga hakbang ng matuwid ay itinakda ng Panginoon.
10. Unahin ang misyon ng Dios at huwag hayaang ang pagkain at iba pang libangan ay makaantala sa iyo.
11. Huwag matakot sa mga tao.
12. Laging ibigay ang papuri sa Dios.
13. Maging matatag at huwag makipagkompromiso sa tao.
14. Iulat ang lahat nang tapat.
15. Magalak na ang iba ay pinagpala sa pamamagitan ng iyong ministeryo.

Kung paanong ang lingkod na iyon ay sumunod sa utos ni Abraham at nakahanap ng isang maka-Dios na asawa para kay Isaac upang magkaroon ng mga maka-Dios na anak, at upang ang katotohanan ng salita ng Dios ay maipasa sa susunod na salinlahi, gayundin naman ay gawin mo rin ang pareho; manindigan, maging mapagbantay at huwag magkompromiso upang ang katotohanan at mensahe ng Dios ay maipasa nang tapat sa susunod na salinlahi habang sumasang-ayon kang manalangin.

**Ang aking Panalangin:** Amang Dios, salamat sa malinaw mong mensahe sa akin. Lumalapit ako sa iyo sa pangalan ni Jesus, iniaalay ko ang aking sarili na maging matatag sa pagtupad sa misyon at gawain na ipinagkatiwala mo sa akin. Panginoon, malinaw ang aking isipan at hindi ako magkokompromiso. Alam ko nang lubos na tinawag mo ako; paglilingkurang kita nang tapat upang maiparating ang iyong mensahe at ang katotohanan ng iyong Salita sa susunod na henerasyon. Ipagkaloob mo sa akin ang lakas at mabuting kalusugan upang magawa iyon, protektahan mo ako at ibigay ang aking pangangailangan. Panginoon, nagsisisi ako sa paggawa ng sarili kong kagustuhan at nagsisisi ako sa pagsuway sa mga tagubiling ibinigay sa akin sa sumusunod na bagay \_\_\_\_\_ (Ipagtapat sa Dios kung paano ka sumuway sa tagubiling ibinigay sa iyo ng pinuno ng simbahan). Panginoon, tulungan mo ang bawat isa sa aking mga Kapatid na nagsisi sa paggawa ng kanilang sariling kagustuhan at paglakad sa sariling landas, na sumunod sa tagubilin na ibinigay sa kanila.

Panginoon, pagpalain mo ang iyong simbahan at tulungan ang bawat isa sa amin na mangaral at gumawa ng mga alagad, ituro sa kanila ang iyong Salita at dalhin sila sa iyong harapan. Panginoon, ako ay nananalangin na mas marami pang lugar ang mabuksan sa

*Evangelio ni Jesus. Panginoon, nananalangin ako na ang mga tao ay maakit sa iyo sa pamamagitan ng aming mabuting halimbawa at sa paraan ng aming pamumuhay para sa iyo at sa paraan ng aming pagsunod sa mga utos mo. Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupian, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami mula sa pinsala upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa'y ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag-ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr. Ramiz Khalaf  
Ang Tagapamahala ng Simbahan  
Simbahan ng Diyos  
United Arab Emirates  
Email: thebread1@gmail.com  
Mobile Tel. #: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: [www.churchofgoduae.com](http://www.churchofgoduae.com)

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)

Pakipadala ng iyong ikasampung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:  
First Abu Dhabi Bank (FAB)  
ACCOUNT NAME:  
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF  
ACCOUNT NO:  
1576003753162014  
IBAN:  
AE3803151576003753162014  
SWIFT CODE:  
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:  
00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: [thebread1@gmail.com](mailto:thebread1@gmail.com)